DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor
ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor
ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

CITY ORDINANCE NO. CO 88-2020
Series of 2020

ORDINANSANG NAGRE-REGULATE SA OPERASYON NG MGA BARBERSHOPS AT BEAUTY PARLORS SA LUNGSOD NG BACOOR HABANG WALA PANG EPEKTIBONG BAKUNA LABAN SA CORONAVIRUS 2019 AT NAGPAPATAW NG PARUSA SA SINUMANG LALABAG DITO.

Ipinanukala ni:

Kgg. Alde Joselito Pagulayan

SAPAGKAT, bunsod ng adhikaing iligtas ang mamamayang Pilipino laban sa Coronavirus 2019 (COVID-19), isinapailalim ni Pangulong Rodrigo R. Duterte ang buong Luzon – kabilang na ang Lungsod ng Bacoor, Cavite – sa isang "Enhanced Community Quarantine" noong 16 Marso 2020. Dahil sa nabanggit na ECQ, maraming negosyo at kabuhayan ang pansamantalang ipinasara sa buong Luzon kabilang na ang mga barberya at beauty parlors.

SAPAGKAT, dahil sa patuloy na paglaganap ng COVID-19, ipinag-utos ng Pangulong Duterte na palawigin pa ang ECQ hanggang sa 15 May 2020 sa iba't-ibang lugar kabilang na ang Lungsod ng Bacoor. Ganunpaman, ipinahayag ng Pangulo na masusing pinag-aaralan ng kanyang tanggapan kung paano unti-unting bubuksan ang ekonomiya ng Pilipinas nang hindi naisasakripisyo ang kaligtasan ng madla dahil sa nagpapatuloy na banta ng COVID-19.

SAPAGKAT, ang mga dalubhasa sa medisina at agham sa Pilipinas ay nagkakaisa sa kanilang pagtatasa na ang pananalanta ng COVID-19 sa kaligtasan ng bawat Pilipino ay magpapatuloy hanggang wala pang nadidiskubre na epektibong bakuna laban sa virus na ito.

SAPAGKAT, matapos ang maraming pagsusuri, napag-alaman ng mga siyentipiko na lubhang napakabilis makahawa ng COVID-19 kung kaya't ibayong pag-iingat ang kinakailangang gawin ng lahat sa lipunan upang ang patuloy na pagkalat nito ay masawata.

SAPAGKAT, naglabas ang Department of Trade and Industry (DTI) ng ***"Guideline to Follow on Minimum Health Protocols for Barbershops and Salons"*** noong 29 Mayo 2020.

SAPAGKAT, batid ng Sangguniang Panlungsod na kailangan nitong tulungan ang mga maliliit na negosyo gaya ng mga barberya at beauty shops na makabangon mula sa pagkakalugmok na dulot ng COVID-19 nang hindi naisasakripisyo ang kaligtasan at kalusugan ng mga residente ng Lungsod ng Bacoor.

DAHIL SA MGA NABANGGIT, at bunsod ng pagnanais na maibsan ang paghihirap ng mga negosyante at manggagawa na kasangkot sa operasyon ng mga barberya at beauty parlors sa Bacoor habang patuloy ang ibayong pag-iingat laban sa pananalasa ng COVID-19, ang ordinansang ito ay inaprubahan ng Ikaapat na Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite at nag-uutos na:

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS,
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

Section 1. **Maikling Pamagat.** Ang ordinansang ito ay tatawagin na **"Anti COVID-19 Barbershop and Beauty Parlor Regulatory Ordinance of the City of Bacoor"**.

Section 2. **Coverage.** Ang lahat ng mga barbero, beauticians, barbershops at beauty parlors na matatagpuan sa Lungsod ng Bacoor ay sasailalim sa ordinansang ito.

Section 3. **Kahulugan ng mga Salita at Kataga.** Ang mga sumusunod na salita at kataga na ginamit sa ordinansang ito ay nangangahulugan na:

3.1. Barbero – taong ang trabaho ay maggupit ng buhok ng kapwa tao kapalit ang pagbabayad sa kanya ng salapi.

3.2. Barbershop o Barberya – isang establisyemento na ang negosyo ay ang paggugupit, pag-aahit, o pagkukulay sa buhok ng mga kalalakihan kapalit ang pagbabayad ng salapi.

3.3. Beautician – taong ang trabaho ay pagandahin ang panglabas na kaanyuan ng mga lalaki o babae sa pamamagitan ng paggugupit o pag-aayos sa kanilang mga buhok o mukha kapalit ang pagbabayad ng salapi.

3.4. Beauty Parlor o Beauty Salons -- isang establisyemento na ang negosyo ay pagandahin ang panglabas na kaanyuan ng mga lalaki o babae sa pamamagitan ng paggugupit o pag-aayos sa kanilang mga buhok o mukha kapalit ang pagbabayad ng salapi.

3.5. Business Permits and Licensing Office (BPLO) – tanggapan sa Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, Cavite na ang pangunahing tungkulin ay ang i-regulate ang lahat ng mga negosyo at establisyementong pangkalakalan sa loob ng lungsod.

3.6. City Livelihood Office (CLO) – tanggapan sa ilalim ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, Cavite na ang pangunahing tungkulin ay ang sanayin ang mga taga-Bacoor sa paggawa ng iba't ibang trabaho o negosyo.

3.7. City Health Office (CHO) -- tanggapan sa ilalim ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, Cavite na ang pangunahing tungkulin ay ang ipatupad ang iba't ibang batas o ordinansa na may kaugnayan sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.

3.8. Contact Tracing – prosesong ginagawa ng mga doktor, nurse, o mananaliksik upang hanapin ang mga taong maaaring nahawa ng isang nakakahawang sakit gaya ng COVID-19.

3.8. Eyeglasses – kagamitan na sinusuot ng taong malabo ang mata.

3.9. Face Mask – anumang bagay na maaaring gamitin na pangtakip sa bibig at ilong ng isang tao.

3.10. Face Shields – isang bagay na gawa sa malinaw na plastic na sinusuot upang ang taong gumagamit nito ay hindi matalsikan ng tubig o anumang likido sa mukha.

3.11. Foot bath – kahit na anong bagay na maaaring lagyan ng mga kemikal na maaring makapatay sa COVD-19 gaya ng bleach, sabon, o rubbing alcohol na pwedeng panandaliang pagbabaran ng mga sapin sa paa ng mga taong papasok sa isang establisyemento gaya ng barbershop o beauty salon.

3.12. Goggles – kagamitan na sinusuot upang proteksyunan ang mga mata ng gumagamit mula sa alikabok o anumang bagay na maaaring makasakit o makapasok sa mga mata.

3.13. Social Distancing – ang paglalagay ng distansya na hindi iigsi sa isang metro sa pagitan ng bawat tao sa loob ng isang barbershop o beauty salon.

3.14. Rubbing alcohol – kemikal na karaniwang ginagamit sa pagdi-disinfect ng mga kamay na rekomendado ng Department of Health (DOH) na gamitin upang puksain ang COVID-19.

DISTRICT I

HON. MIGUEL M. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

3.15. Sanitizer – kemikal na medyo malapot na karaniwang ginagamit sa pagdi-disinfect ng mga kamay na rekomendado ng Department of Health (DOH) na gamitin upang puksain ang COVID-19.

3.16. Sodium hypocholorite o bleach – isang kemikal na karaniwang ginagamit na panglinis at pang-disinfect ng mga bagay o lugar na kinakapitan ng mga virus o bacteria.

3.17. Thermal Scanner – isang kagamitan na may kakayanan na sukatin ang temperatura ng katawan ng isang tao kahit hindi ito dumantay sa balat ng taong kinukunan ng temperatura.

Ang anumang salita o kataga na hindi nabigyan ng pakahulugan sa section na ito na ginamit sa Ordinansang ito ay bibigyan ng pakahulugan na ayon sa kung papaano ito karaniwang nauunawaan ng nakararami.

Section 4. **Application.** Ang ordinansang ito ay magkakaroon lamang ng bisa hanggang wala pang epektibong bakuna na nadidiskubre laban sa COVID-19 at hanggang ang Lungsod ng Bacoor – o anumang bahagi nito – ay patuloy na sumasailalim sa anumang uri ng quarantine.

Section 5. **Operating Hours.** Ang lahat ng barberya at beauty parlors na pahihintulutang mag-operate sa ilalim ng ordinansang ito ay maaari lamang tumanggap ng customer mula alas-otso ng umaga (8:00 am) hanggang alas-singko ng hapon (5:00 pm) mula Lunes hanggang Linggo.

Section 6. **General Disinfection and Sanitation Day.** Ang bawat sulok at kagamitan sa loob ng mga barberya at beauty parlors na sakop ng ordinansang ito ay idi-disinfect at lilinisin ng mga may-ari ng mga nabanggit na establisyemento tuwing araw ng Linggo.

Section 7. **Pahintulot sa Paggugupit ng Buhok.** Isang **CERTIFICATE AUTHORIZING TO CUT HAIR (CATCH)** ang ibibigay ng City Health Office sa lahat ng mga barbero at beautician na makakapasa sa isang seminar na ibibigay ng City Health Office at City Livelihood Office tungkol sa COVID-19, sa mga paraan kung paano ito mapipigilan na kumalat sa loob ng isang barberya at beauty parlor, at sa mga regulasyon sa ilalim ng ordinansang ito. Ang nabanggit na CATCH ay magsisilbing ID ng mga nabanggit na barbero at beauticians bilang patunay na sila ay dumaan sa masusing pag-aaral at pagsusuri hinggil sa banta sa pangpublikong kalusugan na dulot ng COVID-19. Ang sinumang barbero o beautician na walang suot na CATCH ID ay hindi pahihintulutan na pumasok at magtrabaho sa anumang barbershop o beauty parlor sa Lungsod ng Bacoor. Ang sinuman na magugupit ng buhok saan man sa Lungsod ng Bacoor na walang suot na CATCH ID ay ituturing na lumabag sa ordinansang ito.

Inuutusan ang CHO o ang Business Permits and Licensing Office na inspeksyunin ang mga barbershop o beauty parlor kung saan magtatrabaho ang mga barbero o beauticians na nag-aapply makakuha ng CATCH upang masiguro na ang mga nabanggit na establisyemento ay sumusunod sa lahat ng patakaran sa ilalim ng ordinansang ito pati na sa mga umiiral na patakaran ng pamahalaan hinggil sa COVID-19. Ang anumang establisyemento na hindi dadaan o hindi papasa sa nabanggit na inspeksyon ay hindi papayagan na mag-operate kahit na magkaroon ng CATCH ID ang mga kawani nito. Ang mga establisyementong papasa sa nabanggit na inspeksyon ay gagawaran ng hiwalay na CATCH ID ng CHO.

Section 8. **Sapilitang Pagpapaskil ng mga Poster.** Ang lahat ng mga barbero at beautician na papasa sa nabanggit na seminar sa Section 7 ay pinag-uutusan na ipaskil ang poster na ibibigay sa kanila ng CHO at CLO sa salamin sa tapat ng kanilang workstation upang paalalahanan sila at ang kanilang mga customer kung ano ang mga hakbang na kailangan nilang gawin

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

bago maggupit/magpagupit ng buhok, habang naggugupit/nagpapagupit ng buhok, at pagkatapos maggupit/magpagupit ng buhok. Ang sinuman na magtatanggal ng nabanggit na poster o kaya ay maggugupit ng customer na walang poster na nakapaskil sa kanyang workstation ay ituturing na lumabag sa ordinansang ito.

Isang poster din ang sapilitang ipapaskil sa harapan ng mga barbershops at beauty parlors na sakop ng ordinansang ito na nag-aanunsyo sa publiko na ang mga sumusunod na patakaran ay mahigpit na ipatutupad sa loob ng nabanggit na mga establisyemento:

a. Sapilitang pagsusuot ng face mask sa lahat ng oras;
b. Social distancing sa lahat ng oras;
c. Regular na paglilinis ng lahat ng bagay na ginamit sa isang customer pati na rin ang lahat ng bagay na nahipo ng isang customer bago tumanggap ng isang bagong customer na hindi iigsi sa sampung minuto;
d. Mga customer na may appointment lamang ang maaaring makapasok sa barbershop o beauty parlor at cellphone number na maaaring itext upang humingi ng appointment;
e. Pagbabawal sa mga customer na pumasok na may kasamang ibang tao sa loob ng establisyemento na walang appointment; at
f. Babala na sinumang lalabag sa mga nabanggit na patakaran ay lumalabag at parurusahan sa ilalim ng ordinansang ito.

Section 9. **Haircut Only Policy.** Tanging ang paggugupit at pagsha-shampoo lamang ng buhok ang maaaring gawin sa lahat ng mga barbershops at beauty parlors sa Lungsod ng Bacoor upang maiwasan ang matagal na pamamalagi ng mga customer o ng maraming tao sa mga nabanggit na establisyemento.

Section 10. **Mandatory Footbath Use Policy.** Ang lahat ng papasok sa mga barbershops at beauty parlors na nasasaklawan ng ordinansang ito ay kailangang tumuntong ng hindi iigsi sa sampung segundo sa footbath na matatagpuan sa labas ng mga nabanggit na establisyemento. Tungkulin ng may-ari at mga kawani ng mga nabanggit na establisyemento na maglagay ng nabanggit na footbath, siguruhing ito ay may laman na sodium hypochlorite o bleach bago magbukas ang kanyang establisyemento, at siguruhing ang nabanggit na footbath ay nililinis mabuti bago ito simulang gamitin ng mga customer.

Section 11. **Disinfect Before/Disinfect After Policy.** Ang lahat ng barbero at beautician na sakop ng ordinansang ito ay inuutusan na idisinfect ang kanyang workstation at mga kagamitan sa paggugupit bago maggupit at pagkatapos maggupit alinsunod sa mga patakarang ilalabas ng City Health Office tungkol dito. Parurusahan ang sinuman na lalabag sa patakarang ito o sa mga alituntunin na ilalabas ng CHO hinggil sa patakarang ito.

Section 12. **No Waiting/No Waiting Area Policy.** Upang maiwasan ang pagkukumpulan ng mga tao, mahigpit na ipinagbabawal ang paghihintay, paghihintayan, o paglalagay ng waiting area sa lahat ng mga barbersops at beauty parlors sa Lungsod ng Bacoor. Ang lahat ng mga barbershops o beauty parlors na sakop ng ordinansang ito na may waiting area ay inuutusan na tanggalin, takpan, o harangan ang nabanggit na waiting areas upang maiwasan na ito ay gamitin.

Section 13. **No Minors Allowed Policy.** Dahil sa likas na kalikutan ng mga musmos at sa kakulangan ng kakayahan nila na lubusang maunawaan

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

ang mga panibagong patakaran na nakasaad sa ordinansang ito, walang menor de edad na tao (17 years old or younger) o taong walang lubusang kontrol sa kanyang pag-iisip ang pahihintulutan na pumasok o magpagupit sa anumang barbershop o beauty parlor sa Lungsod ng Bacoor. Ang mga magulang o guardian ng sinumang menor de edad o taong walang lubusang kontrol sa kanyang pag-iisip na lalabag sa patakarang ito ay papatawan ng karampatang parusa.

Section 14. **Mandatory Handwashing Policy.** Ang lahat ng customer, barbero, at beautician na papasok sa mga barbershops at beauty parlors na sakop ng ordinansang ito ay inuutasan na maghugas ng kamay gamit ang 70% proof isopropyl o ethyl rubbing alcohol o hand sanitizer pagpasok ng nabanggit na etsblisyemento, bago magsimula ang gupitan, at pagkatapos ng gupitan. Upang ito ay mabisang maipatupad, ang may-ari ng mga barbershops at beauty parlors na sakop ng ordinansang ito ay inuutusan na maglagay ng mga bote ng alcohol sa entrance/exit ng kanyang establisyemento.

Section 15. **Mandatory Face Masks/Face Shields/Eye Protection/Social Distancing Policy.** Ang lahat na papasok sa mga barbershop o beauty parlor na nasasaklawan ng ordinansang ito ay inuutusan na magsuot ng face mask o anumang bagay na tatabing sa kanyang/kanilang ilong at bibig at makakapigil sa pagtalsik ng laway, sipon, o plema na maaaring maging sanhi ng pagkakahawa ng iba sa COVID-19. Mahigpit ding pinag uutos ang paglalagay ng mga marka sa sahig sa loob at harapan ng lahat ng mga barbershops at beauty parlors na saklaw ng ordinansang ito. Ang bawat marka at bawat upuan sa loob ng nabanggit na barbershops at beauty parlors ay dapat may distansyang hindi bababa sa isang metro (1 meter). Maliban sa barbero o beautician, walang sinuman ang maaaring tumayo o umupo malapit sa inuupuan ng isang customer. Ang mga customer na gustong magpa-shampoo ay ire-require na magdala ng sarili niyang face shield at magsuot ng nabanggit na face shield bago hugasan ang kanyang buhok. Ang sinumang kawani ng barbershop o beauty parlor ay kailangan din magsuot ng face shield – na walang ibang pwedeng gumamit maliban sa kanya – bago niya simulant ang paghuhugas sa buhok ng isang customer. Kung ang customer ay walang dalang face shield, maaari siyang bentahan ng face shield sa loob ng nabanggit na establisyemento at ang face shield na binili niya ay maaari niyang iuwi matapos niya itong bayaran. Ang lahat ng barbero o beauticians na na nasasaklawan ng ordinansang ito ay inuutusan na magsuot ng eyeglasses o goggles bago maggupit. Ang sinuman na lalabag sa mga patakarang ito ay agad na isusuplong sa pinakamalapit na tanggapan ng pulis o barangay o kaya ay itatawag sa Rescue 161 upang ang taong nabanggit ay agad maparusahan.

Section 16. **Minimum Haircut Fee.** Ang mga barbershops at beauty parlors na nasasaklawan ng ordinansang ito ay pinahihintulutan na maningil ng haircut fee na hindi bababa sa Isang Daang Piso (Php 100.00) upang matustusan ng mga may-ari ng mga nabanggit na negosyo ang mga patakarang nakasaad sa ordinansang ito.

Section 17. **Mandatory Thermal Scanning Policy.** Ang lahat ng papasok sa mga barbershops at beauty salons na nasasaklawan ng Ordinansang ito ay sapilitang kukunan ng temperature gamit ang isang thermal scanner. Ang sinuman na may temperaturang higit sa 37.5 degrees Celsius ay hindi papayagang pumasok sa loob ng mga nabanggit na establisyemento.

Section 18. **Mandatory Recording of Customer Data.** Ang mga may-ari o kawani ng mga barbershops at beauty salons na nasasaklawan ng Ordinansang ito ay inuutusan na sapilitang ilista ang buong pangalan, address, at cellphone o telephone number ng lahat ng taong papasok sa mga nabanggit na establisyemento. Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, ang ballpen o panulat na gagamitin sa paglilista pati na rin ang lamesa kung saan

DISTRICT I

HON. MIGUEL M. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

nakapatong ang logbook ay lilinisan gamit ang rubbing alcohol matapos na ito ay gamitin ng isang customer o kawani. Inuutusan din ang mga may-ari o kawani ng mga barbershops at beauty salons na nasasaklawan ng Ordinansang ito na ipakita ang mga nakasulat sa nabanggit na logbook kung ito ay kailanganing suriin ng sinumang kawani ng CHO, BPLO, o ng Department of Health (DOH) kaugnay ng contact tracing.

Section 19. **Ban on Use of Jewelry, Bags, Jackets or Gadgets.** Ang pagsusuot ng relo, sinturon, jacket, alahas, bag o anumang gadget tulad ng cellphone, tablet, o laptop na maaaring kapitan ng COVID-19 habang nasa loob ng mga barbershops o beauty salons ay mahigpit na ipinagbabawal. Upang masiguro na ito ay maipatupad, inuutusan ang mga may-ari at kawani ng mga nabanggit na establisyemento na pansamantalang ilagay ang mga nabanggit na bagay ng mga customer nila sa loob ng malinis na plastic bag na ilalapag sa tabi o hita ng customer habang siya ay ginugupitan. Ang sinuman na hindi papayag sumunod sa patakaran na ito ay hindi papayagang pumasok sa mga nabanggit na establisyemento.

Section 20. **Open Door and Window Policy.** Ang lahat ng barbershops at beauty parlors na nasasaklawan ng Ordinansang ito ay inuutusan na panatilihing bukas ang mga pinto at bintana nito upang masiguro na may sapat na bentilasyon sa loob ng mga nabanggit na estabklisyemento at mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ang pagbubukas ng airconditioning units o electric fan sa loob ng mga barbershop o beauty parlor na nasasaklawan ng ordinansang ito ay mahigpit na ipinagbabawal upang mariwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga barbershop o beauty parlor na hindi susunod sa patakarang ito o kaya ay walang kakayanan na sumunod sa patakarang ito ay hindi papayagang mag-operate o tumanggap ng mga customer.

Section 21. **Training Plan at Communication Plan.** Ang City Health Office at City Livelihood Office ay magkasamang magde-develop ng isang training plan para sa mga barbero at beauticians na saklaw ng ordinansang ito sa loob ng di-hihigit sa tatlumpung araw (30 days) matapos ang date of effectivity ng ordinansang ito. Ang Public Information Office ay binibigyan din ng tatlumpung araw (30 days) matapos na maaprubahan ng City Mayor ang training plan na gagawin ng CHO at CLO upang i-develop ang isang communication plan na siyang magiging basehan kung ano ang ilalagay sa mga poster na ipapaskil sa loob at labas ng mga barbershops at beauty parlors na nasasaklawan ng ordinansang ito pati na rin sa mga paliwanag (advisory) o anunsyo (announcements) na ilalabas ng city government sa publiko o sa social media.

Section 22. **Suspendidong Implementasyon ng mga Sumasalungat na Ordinansa.** Ang implementasyon ng mga probisyon ng mga umiiral na ordinansa ng Lungsod ng Bacoor na hindi akma o sumasalungat sa mga probisyon ng ordinansang ito ay pansamantalang sinususpinde habang ang anumang bahagi ng lungsod ay nasa ilalim ng anumang uri ng quarantine dahil sa COVID-19.

Section 23. **Kaparusahan.** Ang sinumang lalabag sa mga probisyon ng ordinansang ito na nasa wastong edad o pag-iisip ay pagmumultahin ng P5,000.00 matapos na masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang lumabag sa ordinansang ito ay aamin sa kanyang pagkakasala sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay kapalit nang hindi pagsasampa ng asunto laban sa kanya sa hukuman, ang multang babayaran niya ay magiging P2,000.00 na lamang.

Kung ang lalabag sa anumang probisyon ng ordinansang ito ay isang menor de edad o kaya ay isang taong wala sa tamang pag-iisip, ang kanyang magulang o legal guardian ang siyang pagmumultahin ng P5,000.00 matapos na

DISTRICT I

HON. MIGUEL R. BAUTISTA
City Councilor
ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor
ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang magulang o legal guardian ng menor de edad o ng taong wala sa tamang pag-iisipan na lumabag sa ordinansang ito ay aamin sa pagkakasala ng kanyang anak o alaga sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay kapalit nang hindi pagsasampa ng asunto laban sa kanya sa hukuman, ang multang babayaran niya ay magiging P2,000.00 na lamang.

Ang business permit at health permit ng mga barber shops o beauty parlors na lalabag sa anumang probisyon ng ordinansang ito ay isusupinde at hindi papayagang magbukas sa loob ng animnapung araw (60 days). Bukod pa dito, ang may-ari ng nabanggit na negosyo at ang lahat ng mga empleyado niya na nagtatrabaho sa barber shop o beauty parlor kung saan naganap ang paglabag ay sapilitang dadalo sa isang seminar hinggil sa COVID-19 at kung paano ito pipigilang kumalat. Ang bawat tao na dadalo sa seminar na ito pagbabayarin ng seminar fee na nagkakahalaga ng Isang Daang Piso (Php 100.00) bilang karagdagang parusa.

Ang sinuman na lalabag sa ordinansang ito na hindi kayang magbayad ng multa ay sapilitang gagawa ng alin man sa mga sumusunod na community service:

1. Pagtulong sa pag-iimpake at pamimigay ng mga relief goods sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag;
2. Pagtulong sa pamimigay, pagkakalap, o paggawa ng mga forms, brochures, posters, o anumang patalastas sa publiko sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag; o
3. Paglilinis sa iba't-ibang pampublikong lugar sa anumang lugar sa Lungsod ng Bacoor sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO) ng Lungsod ng Bacoor o ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag.

Section 24. **Separability Clause.** Sakaling ang anumang probisyon ng ordinansang ito ay ideklarang labag sa batas ng anumang hukuman, patuloy na magkakabisa at mananatiling epektibo ang mga probisyon ng ordinansang ito na hindi maaapektuhan ng nabanggit na deklarasyon.

Section 25. **Effectivity Date.** Ang ordinansang ito ay agad na magiging epektibo matapos itong maaprubahan ng Sangguniang Panlalawigan ng Lalawigan ng Cavite at matapos na ito ay mai-post sa website ng Sangguniang Panlungsod ng Bacoor (www.bacoorcitysp.com), sa website ng pamahalaang lungsod ng Lungsod ng Bacoor (www.bacoor.gov.ph), at sa tatlong pampublikong lugar sa loob ng Lungsod ng Bacoor.

Section 26. **Automatic Repeal.** Awtomatikong mawawalan ng bisa ang ordinansang ito kapag ang panganib na dulot ng COVID-19 ay opisyal na ideklara ng DOH na tapos na.

IPINASA ng Sangguniang Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite ngayong ika-1 ng Hunyo 2020.

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO E. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

ABSENT

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

Pinatutunayan ko na ang nabanggit na Ordinansa ay tama, makatotohanan, at naipasa ng naaayon sa batas.

Pinatutunayan ni:

KGG. CATHERINE S. EVARISTO
Tagapangulo/ Pangalawang Punong Lungsod

Pinapatotohanan ni:

ATTY. KHALID A. ATEGA JR.
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

Inaprubahan ni:

KGG. LANI MERCADO-REVILLA
Punong Lungsod